Kayo ba ay tumatanggap ng Parenting Payment (Kabayaran para sa Magulang) at nagtatrabaho?

We speak your language ☎ 13 1202

Are you receiving Parenting Payment and working? - **Filipino**

Narito ang ilang mahahalagang bagay na dapat isaalang-alang

Kung ang mga kinita ninyo o ng inyong kapartner ay nagbago, kailangang sabihin ninyo sa amin:

- **sa loob ng 14 araw nang lumaki ito** dahil kung hindi, maaaring ipabalik sa inyo ang ilan o ang lahat ng inyong kabayaran at maaari ding kayong magbayad ng kabayaran sa pagbawi; o
- **kaagad kung ito ay bumaba** dahil maaaring hindi kayo makatanggap ng karagdagang pera.

Sabihin sa amin ang **KABUUANG** halaga na inyong kinita. Ito ang halaga bago bawasan ng buwis at ng ibang kabawasan. Masasabi ng inyong pinagtatrabahuhan ang halaga ng inyong kita sa bawat oras, kasama na ang anumang mga panggastos at halagang multa (penalty) o obertaym.

Sabihin sa amin ang inyong mga kinita sa bawat oras na kayo ay nagtrabaho, kahit na hindi pa kayo binabayaran.

Kung kayo o ang inyong kapartner ay higit sa isa ang pinagtatrabahuhan, sabihin sa amin ang inyong mga kinita sa bawat trabaho.

Kailangang sabihin ninyo sa amin kung kayo o ang inyong kapartner ay tumatanggap ng mga karagdagang bigay ng inyong pinagtatrabahuhan o mula sa ibang pinagkukunan (hal. paggamit ng kotse bilang bahagi ng pakete ng inyong sahod).

Sabihin sa amin kung ang oras ng inyong pagtatrabaho ay nagbago.

Kailangan ding sabihin ninyo sa amin ang tungkol sa kinita ninyo at ng inyong kapartner sa porma sa pagrebyu kung kailangang magbigay nito. Kailangan naming makita ang mga tala ng inyong kinita o sulat mula sa inyong pinagtatrabahuhan na nagpapakita kung magkano ang inyong kinita sa panahong sakop ng porma sa pagrebyu.

Humiling ng isang Casual Income Record (Kaswal na Talaan ng Kita) mula sa alinmang tanggapan ng Centrelink. Maaari itong makatulong sa pagtatala ng inyong mga kinita.

Tandaan

Kung kayo ay tumatanggap ng Parenting Payment (Kabayaran para sa Magulang) at ang inyong kapartner ay tumatanggap ng Newstart Allowance (Panggastos sa Pagsisimula), isama rin ang inyong mga kinita sa tuwing ikalawang linggong porma sa pagrebyu.

Upang maka-usap ang Centrelink sa Filipino, tumawag sa **13 1202***.
Ang impormasyon sa inyong wika ay maaari ding makita sa website sa **www.centrelink.gov.au**

** Ang mga tawag sa numerong "13" mula sa pangkaraniwang serbisyo sa telepono ay maaarng gawin saan mang panig ng Australya nang hindi lalampas ang bayad sa tawag na lokal (ang mga tawag na babayaran ay maaaring mag-kakaiba depende sa nagbibigay ng serbisyo sa telepono). Ang mga tawag sa numerong "1800" ay libre. Ang mga tawag sa mga teleponong pampubliko at mobil ay maaaring mas mataas ang bayad.*